

# Saan tayo patungo?

Sa mga alalahanin sa populasyon, sa mas nakakaraming bilang ng mga matatanda kesa kabataan, sapat ba ang ginagawang pag-aruga sa mga kabataan? Pakinggan din natin ang kalagayan ng mga banyagang residente.

## Napakinggan mo na ba ang hinaing ng mga batang may edad 15-18 taong gulang na hindi makapag-aral?

**Gumawa tayo ng paraan upang sila ay makapag-aral. Magkaisa tayo upang sila ay magkaroon isang ligtas at mapayapang kapaligiran.**

Sa dumaraming international marriages, dumarami din ang mga batang napapapunta para manirahan sa Japan. Sakaling ang magulang ay isang dayuhang residente na nakapag-asawa ng isang Hapones, matagalang bisa din ang ibibigay sa mga anak. Dahil dito, higit sa 800,000 mga bata mula sa edad na 5 - 18 taong gulang ang pumapasok sa Japan kada taon. Gayundin, dahil sa problema ng Japan sa populasyon, sa pagkakaroon ng mas maraming mga matatanda kesa kabataan, makakatulong sa bansa ang mga batang ito upang sila ay tumugon sa kakulangang ito kung kaya't dapat silang bigyan ng pagpapahalaga.

### ① Pampublikong elementarya, Junior high school at Senior high school

Napagalangang 28,511 ang bilang ng mga batang dayuhang residente na kailangan maturuan ng salitang Nihongo sa iba't ibang parte ng Japan. Ang pagtuturo ng Nihongo ay ginagawa sa halos 80% ng nasa elementarya, junior high, senior high sa 6,423 na paaralan.

Maliban sa mga dayuhang batang residente, 5,496 na batang may nasyonalidad bilang Hapon ay nangangailangan din ng pagtuturo sa pag-aaral ng wika.

### ② Night Junior high school

Sa kasalukuyan, may mga batang nag-aaral sa 34 na pang-gabing klase ng junior high schools at may mga ilang estudyante na nagisismula sa basic na Nihongo. Sa Saitama Prefecture lamang ay mahigit sa 70% ng mga bata sa paaralan ay mga dayuhan. Mayroon ding mga batang nagkakaroon ng problema sa dahilang sila ay 15 taong gulang pataas at hindi sila nakapagtapos ng junior high school sa sariling bansa..

Night junior high schools sa Tokyo	Adres	Malapit na estasyon
Adachi ward Daiyon junior high school	Umejima Adachi -Ku	Umejima, Tobu - Isezaki line
Hachioji city Daigo junior high school	Myoushincho Hachioji city	Hachioji, JR or Keio line
Katsushika ward Futaba junior high school	Ohanajaya Katsushika-Ku	Ohanajaya
Sumida ward Bunka junior high school	Bunka Sumida-Ku	Komurai, Tobu line
Oota ward Koojiya junior high school	Koojiya Oota-Ku	Ootorii, Keikyu Kuukou line
Setagaya ward Mishuku junior high school	Taishido Setagaya-Ku	Sangenjaya, Tokyu Den'entoshi line
Arakawa ward Daikyu junior high school	Higashi Ogu Arakawa-Ku	Machiya, Tokyo Metro Chiyoda line
Edogawa ward Komatsugawa Daini junior high school	Hirai Edogawa-Ku	Hirai, Soubu line

### ③ Mga eskwelahan sa pag-aaral ng nihonggo

Maraming problema ukol sa mga batang may edad 15 pataas na hindi makapasok sa regular na eskwelahan o pang gabing eskwelahan. Kahit na sila ay nabigyan ng karapatang manirahan sa bansa, ang pag-aaral ng wika ay sariling responsibilidad. Para makahanap ng regular ng trabaho kinakailangang matapos man lamang ng high school. Magpataulong man sa amaing Hapon para makapasok sa Japanese language school, kailangan pa rin ang diploma ng pagtatapos ng high school.

Mga Paaralan	Estasyong malapit	Matrikula	Mga kailangan
S Japanese language school	Oomiya	690,000 yen /taon	Tapos ng High school o higit pa at 3 taon pa lang mula ng magtapos
M Japanese language school	Musashiuraw	1,480,000 yen/2 taon	Tapos ng High school o higit pa
M Japanese language Academy	Ikebukuro	1,060,000 yen/ 18 buwan	Tapos ng High school o higit pa
T Information Special school	Shiki	634,000 yen para sa unang taon	Tapos ng High school o higit pa

**④ Mga alalahanin**

Kung ano ang magiging kalagayan ng mga batang nakatapos lang ng junior high school sa kanilang bansa ay isang alalahanin at pangamba. Gayundin, sakaling maghiwalay o mamatay ang kanilang amain, ang kanilang estado bilang residente ay mawawalang bisa. Palaisipan para sa kanila kung mananatili sa Japan o babalik sa sariling bayan.

**⑤ Para sa kinabukasan ng mga batang 15 taong gulang at pataas na may pangmatagalang visa**

Ang mga batang ito na may visa at maaring manirahan sa bansa, subalit hindi makapasok sa eskwelahan kung kaya't mahirapan ding makahanap ng trabaho, isang problema kung paano nila masusuportahan ang sarili. Gayundin, problema din ng sosyedad sa dahilang sila ay inaasahan na magiging haligi ng ekonomiya ng bansang Hapon. Kailangan nila ang ating suporta kung kaya't gumawa tayo ng paraan at hanapan natin sila ng lugar para sa kanilang pag-aaral ng basic na nihongo, pagsasanay para sila makapasok at makapag-aral sa high school,

Mula Lunes~Biernes, 10:00-15:00, mag-aaral sila ng 3-4 na subjects sa mababang matrikula, kung maari makakuha ng suporta mula sa gobierno o kaya sa pribadong sector. Ang tutulong sa pagututro ay mga dayuhang residente, dayuhan at hapones na estudyante, at sibilang mamamyan. Kung sino man ang maaring magpahiram ng lugar, magbibigay ng donasyon, o maaring tumulong sa iba pang paraan, ay lugod na inaanyayahanan. Ipaalam din kung meron kayong impormasyon na maaring makatulong.

**Personal computer class ay magsisimula sa FICEC mula Abril 1. Sali na!**

Ang klase ay bukas para sa mga dayuhang residente at sa mga bagong mag-aaral at ito ay libre. Ang magtuturo ay si Bb. Satomi Kaji, isang magaling at mahusay na guro sa computer. Aplikasyon: FICEC TEL 049-269-6450



**Libreng pagpapahiram ng individual dosimeter sa Fujimi City**

Base sa isyu ng Pebrero, maaring makahiram ng dosimeter. Ang lebel ng kontaminasyon sa Fujimino city ay nananatiling mababa ayon sa pambansang sukatan. Kung nag-aalala sa kontaminasyon, mangyaring gamitin ang dosimeter.

● Aplikasyon: Kankyoka TEL 049-251-2711 Ext.299



(株)堀場製作所製 環境放射線 モニタ PA-1000 Radi

**Naipasa mo na ba ang aplikasyon para sa alowans ng bata?**

Ang Pebrero ay buwan ng pagbabayad ng alowans ng mga bata, subalit ang sistema ay binago mula October 2011. Sa bagong sistema, kailangang magsumite muli ng Kasulatan ng pagtatanggap ng alowans ng mga bata na dapat ipasa hanggang Marso 31. At kung hindi ay hindi din ninyo matanggap ang alowans ng bata mula sa buwan ng October 2011. Subalit sa mga dahilang kagaya ng panganganak at paglipat ng tirahan dapat ay lakarin para ma proseso sa loob ng 15 araw para makatanggap ng alowans sa susunod na buwan.